Simple N Informative

SNIPPET

Parent-to-Parent Education Tools

# ANSD

## Mga Sanggunian:

Higit pa tungkol sa ANSD

Kwento ng isang pamilya

## Ano ang Auditory Neuropathy Spectrum Disorder (ANSD)?

- Ang Auditory Neuropathy Spectrum Disorder (ANSD) ay kapag may pinsala sa koneksyon ng ugat sa kaloob-loobang tainga [inner ear] na nagdadala ng mensahe mula sa isang tunog at hindi gumagana nang maayos, na nagiging sanhi ng pagkakagulo o pagkawala ng mga mensahe.
- Ang ilang mga dahilan kung bakit ito maaaring mangyari ay kinabibilangan ng: family history ng ANSD, napaaga na kapanganakan o mga problema sa panahon ng kapanganakan tulad ng mababang oxygen, paninilaw ng balat [jaundice], mga gamot na maaaring kailanganin upang iligtas ang buhay ng isang sanggol pagkatapos ng kapanganakan, at/o mga syndrome o neurolohikal na sakit.
- Ang isang batang na-diagnose na may ANSD ay maaaring hindi maunawaan nang malinaw ang pagsasalita, maaaring tila mas nakakarinig sa ilang mga pagkakataon kaysa sa iba, at maaaring nahihirapanna makilala ang isang tunog mula sa isa.
- Ang mga sintomas ng ANSD ay maaaring hindi laging madaling makita sa isang bagong panganak at maaaring lumitaw habang ang bata ay nagsisimulang lumaki.
- Maaaring normal ang pandinig ng mga batang may ANSD ngunit nahihirapan pa rin silang umunawa at magsalita nang malinaw. Maaaring may pagkawala ng pandinig at ANSD ang ibang mga bata.
- Maaaring kabilang sa iba pang mga senyales ng ANSD ang limitado o mababang wika at pananalita, walang tugon sa mga tunog sa kanilang paligid, pabagu-bagong pandinig, kahirapan sa pag-unawa sa ingay, mahinang artikulasyon ng pagsasalita, mahinang atensyon at kawalan ng kakayahang sumunod sa mga direksyon, at kahirapan sa pag-aaral.
- Ang ANSD ay dina-diagnose ng isang audiologist, gamit ang kumbinasyon ng mga test kabilang ang Otoacoustic Emissions (OAE's), pagsusuri sa Auditory Brainstem Response (ABR), at Middle Ear Reflexes. Nada-diagnose ang ANSD kapag normal ang mga OAE, ngunit wala ang middle ear reflexes at ang ABR ay tila abnormal o wala.
- Ang isang batang na-diagnose na may ANSD ay ire-refer sa isang doktor ng Tainga, Ilong, at Lalamunan (ENT, akronim nito sa Ingles) na dalubhasa sa pediatrics. Tatalakayin nila ang kalusugan ng sanggol at history ng pamilya at maaaring mag-utos ng higit pang pagsusuri upang siyasatin ang sanhi ng ANSD ng bata, kabilang ang:
    - Pagsusuri ng imaging o isang MRI upang maghanap ng mga problema/malformation sa kaloob-loobang tainga o ugat.
    - Genetic na pagsusuri
    - Neurologic na pagsusuri upang maghanap ng anumang iba pang mga problema sa ugat, na maaaring mangyari sa humigit-kumulang 10% ng mga sanggol na may ANSD
    - Pagsusuri sa paningin, dahil kung minsan ang mga problema sa paningin at pandinig ay sabay na nangyayari.
- Karamihan sa mga batang may ANSD ay makikinabang sa paggamit ng isang katulong na aparato sa pakikinig [assistive listening device]/remote na mikropono sa paaralan.
- Ang pag-enroll sa maagang interbensyon (EI, akronim nito sa Ingles) at paghahanap ng mga opsyon sa wika na pinakaangkop para sa pamilya ay makakatulong na matiyak ang mahusay na pag-unlad ng wika at pananalita at positibong resulta sa edukasyon, panlipunan, at buhay para sa bata.



ANG PROYEKTONG ITO AY SUPORTADO NG EARLY HEARING DETECTION AND INTERVENTION PROGRAM NG ILLINOIS DEPARTMENT OF PUBLIC HEALTH AT NG PREVENTIVE HEALTH AND HEALTH SERVICES (PHHS) BLOCK GRANT NG CENTERS FOR DISEASE CONTROL AND PREVENTION, AT ANG MGA NILALAMAN NITO AY RESPONSIBILIDAD LAMANG NG MGA MAY-AKDA AT HINDI SUMASALAMIN SA MGA PANANAW NG PINAGMUMULAN NG PONDO.